Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 7-27

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NA KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-30 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. HEIDI S. CIRIACO............ PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Udejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 143-T'99

**KAPASIYAHANG SUMUSUSOG SA PAMAMAGITAN NG PAGDARAGDAG NG SEKSYON 18 SA ARTIKULO IV NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 03-T'94 HINGGIL SA PAGTATAKDA NG ORAS NG PAGTITINDA NG MGA BOLANTE SA PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA IKA-8:00 NG GABI HANGGANG SA IKA-7:00 NG UMAGA.**

**SAPAGKA'T,** binigyang-pansin ng pamahalaang bayan ang pagkakaroon ng maayos na pagtitinda ng mga bilihin sa pamilihang bayan upang matamo ang epektibong pamamahala at pamamalakad ng pamilihan na ipinatutupad ng Kautusang Bayan Blg. 03-T'94;

**SAPAGKA'T,** isa sa mga panuntunang ipinatutupad ng naturang kautusan ay ang pagtatakda ng oras ng pagtitinda ng mga may puwesto sa loob ng pamilihang bayan na nagsisimula sa ika-2:00 ng umaga at natatapos hanggang sa ika-9:00 ng gabi;

**SAPAGKA'T,** hindi tinukoy sa kautusan ang pagtatakda ng oras ng pagtitinda ng mga bolante sa pamilihang bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Udejar, Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 17-T'99

**KAUTUSANG SUMUSUSOG SA PAMAMAGITAN NG PAGDARAGDAG NG SEKSYON 18 SA ARTIKULO IV NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 03-T'94 HINGGIL SA PAGTATAKDA NG ORAS SA PAGTITINDA NG MGA BOLANTE SA PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA IKA-8:00 NG GABI HANGGANG SA IKA-7:00 NG UMAGA.**

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan na idagdag sa Kautusang Bayan Blg. 03-T'94 ang mga sumusunod:

**ARTIKULO IV SEKSYON 18** - Itinatakda ang oras ng pagtitinda ng mga bolante sa pamilihang bayan ng Santa Cruz, Laguna mula sa ika-8:00 ng gabi hanggang sa ika-7:00 ng umaga lamang.

a) na linisin ang lugar na pinagtitindahan at walang makikitang paninda o ginamit sa pagtitinda pagsapit ng ika-7:00 ng umaga.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya at Tanggapan ng Pamilihang Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

**NAGPAPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN E
RECORDED
BY: ________
DATE 5-27
STA. CRUZ, LAGUNA